Tagalog

# Paghugis ng susunod na National Disability Strategy (Pambansang Istratehiya para sa May-Kapansanan)

## Ulat tungkol sa sinabi ng komunidad sa amin

## Paano ang paggamit ng ulat na ito




Ang Social Deck ang nagsulat ng ulat na ito para sa Pamahalaan ng Australya. Kapag nakita mo ang salitang 'kami' o 'namin', ibig sabihin nito ay ang Pamahalaan ng Australya.





Isinulat namin ang ulat na ito sa paraan na madali itong basahin.

Gumamit kami ng mga larawan upang ipaliwanag ang ilang mga ideya.




Isinulat namin nang **bold (makapal)** ang ilang salita. Ipinaliwanag namin ang ibig sabihin ng mga salitang ito. May listahan ng mga salitang ito sa pahina 30.



Ang Easy Read (Madaling Basahin) na ulat na ito ay buod ng isa pang ulat.




Makikita mo ang isa pang ulat sa aming website sa **www.engage.dss.gov.au/a-new-national-disability-strategy-for-beyond-2020**



Maaari kang humingi ng tulong upang basahin ang ulat na ito.

Isang kaibigan, kapamilya o taga-suportang tao ang maaaring makatulong sa iyo.

## Ano ang nilalaman ng ulat na ito?


Ano ang National Disability Strategy (o Pambansang Istratehiya para sa May-kapansanan)? 5

Isang bagong pambansang istratehiya para sa mga may kapansanan 9

Pakikipag-usap sa komunidad tungkol sa istratehiya 11

Ano ang sinabi sa amin ng komunidad 14


Ang aming pananaw (vision) para sa bagong istratehiya 25

Ano ang susunod na mangyayari? 28

Listahan ng mga salita 30

Tawagan kami 33

# Ano ang National Disability Strategy (o Pambansang Istratehiya para sa May-kapansanan)?




Ang *National Disability Strategy sa 2010–2020* ay isang plano upang pabutihin ang buhay ng mga taong may kapansanan.

Sa dokumentong ito, tinatawag namin itong 'ang Istratehiya'.



Ang Istratehiya ay nagsasabi kung ano ang magagawa natin upang ang Australya ay maging mas:

- **mapagtanggap**
- **madaling maabot at magamit**.



Kung ang isang bagay ay mapagtanggap, lahat ay makakasali.



Kung ang isang bagay ay madaling maabot, lahat ay makakagamit nito. Ito ay maaaring:

- isang lugar o isang gusali
- transportasyon
- isang serbisyo
- impormasyon
- isang website.



Ang Istratehiya ay nagpapaliwanag kung paano ang mga tao na may kapansanan ay nararapat na:

- tratuhin kagaya ng pagtrato sa lahat
- makasama sa ating komunidad.




Ang Istratehiya ay batay sa mga ideya na nasa *Pinagkasunduan ng mga Bansang Nagkakaisa Tungkol sa mga Karapatan ng mga Tao na may Kapansanan* (UN Convention).




Ang UN Convention ay isang kasunduang pang-internasyonal.

Ito ay isinasagawa sa buong mundo.



Ang UN Convention ay nagtatakda ng mga karapatan ng mga tao na may kapansanan.

Ito ay nagpapaliwanag kung paano dapat tratuhin nang makatarungan ang mga tao na may kapansanan.

## Isang bagong pambansang istratehiya para sa mga may kapansanan




Sa taong 2020, ang Istratehiya ay matatapos.



Ang mga pamahalaan sa buong Australya ay nagtutulungan upang makalikha ng isang bagong istratehiya.



Nais naming malaman kung ano ang ipinapalagay ng mga tao na dapat isali sa bagong istratehiya.

Tinanong namin ang mga tao tungkol sa kanilang palagay:



- sa isang survey



- sa mga workshop sa mga komunidad



- sa pakikipag-usap sa kanila nang harapan



- sa pakikipag-usap sa kanila online.



Ang ulat na ito ay tungkol sa sinabi sa amin ng mga tao sa komunidad.

## Pakikipag-usap sa komunidad tungkol sa istratehiya




Mahalaga na makipag-usap sa komunidad tungkol sa anumang plano na aming gagawin para sa bagong istratehiya.

Nakipag-usap kami sa:



- mga tao na may kapansanan



- mga pamilya



- mga tagapag-alaga



- **mga tagapagtaguyod** – mga tao na nagsasalita para sa mga tao na may kapansanan



- mga tagapagbigay ng serbisyo



- **mga akademiko** – mga tao na nagtuturo sa kolehiyo o unibersidad.



Nakinig kami sa mga tao sa komunidad sa iba't ibang mga paraan.





2,649 katao ang sumagot sa mga tanong sa survey.




599 katao ang dumalo sa mga workshop sa mga komunidad.




Nakipag-usap kami sa 474 kataong mga Aborihinal at mga Torres Strait Islander.




Nakipag-usap kami nang isa-sa-isa sa:

- 15 iba't ibang mga organisasyon nang harapan
- 14 na iba't ibang tao online.

## Ano ang sinabi sa amin ng komunidad



Ang mga tao ay nagbigay sa amin ng maraming mahahalagang mga ideya na mapag-iisipan para sa bagong istratehiya.



Sinabi nila na ang mga tao na may kapansanan ay kailangang isali tuwing may gagawing mga desisyon tungkol sa kanila.

Kabilang dito ang:




- kung ano ang nasa bagong istratehiya




- kung paano gagana ang bagong istratehiya.



Sinabi nila na mahalagang gawin ng mga pamahalaan kung ano ang isinasaad sa bagong istratehiya.



Sinabi ng mga tao na dapat ay magkaroon ng isang grupo na susuri kung paano isinasagawa ng mga pamahalaan ang bagong istratehiya.




Sinabi rin nila na dapat ay magkaroon ng ulat kada taon kung ano na ang nangyayari sa bagong istratehiya.

## Ano ang bumuti sa lagay ng mga taong may kapansanan?




Ang mga tao sa komunidad ay nagsabi sa amin na may ilang mga bagay ang bumuti sa loob ng nakalipas na 10 taon.

Sinabi ng mga tao na:



- nakakukuha sila ng mga serbisyo at suporta na mas mabuting tumutugon sa kanilang mga pangangailangan



- ang iniisip at ang nadarama ng komunidad tungkol sa mga tao na may kapansanan ay bumuti




- mas maraming tao na may kapansanan ang ipinapakita sa media



- mas maraming tao na may kapansanan ang nasa mahahalagang mga trabaho



- ang komunidad ay mas madaling maabot at makasalimuha.

**Anong mga paghamon ang hinaharap pa rin ng mga tao na may kapansanan?**



Ang mga tao na may kapansanan ay humaharap pa rin sa mga hadlang at mga paghamon sa ating komunidad.




Mahigit 80% ng mga tao na lumahok sa survey ang nagsabi na ang mga tao na walang kapansanan ay hindi alam kung paano makikitungo sa mga tao na may kapansanan.




31% ng mga tao na may kapansanan na lumahok sa survey ang nagsabi na lalong lumala ang **diskriminasyon** nitong nakaraang 5 taon.



Ang diskriminasyon ay nangyayari kapag ikaw ay tinatrato nang di-makatarungan dahil sa iyong kapansanan.




34% ng mga tao na may kapansanan na lumahok sa survey ang nagsabi na ang kanilang mga karanasan sa **karahasan**, **pang-aabuso**, **pagpapabaya** at **pagsasamantala** ay lalong lumala sa loob ng nakalipas na 5 taon.



Ang karahasan ay nangyayari kapag ang isang tao ay nananakit sa iyo nang pisikal.



Ang pang-aabuso ay nangyayari kapag ang isang tao ay tumatrato sa iyo nang masama.



Ang pagpapabaya ay nangyayari kapag ang isang tao na dapat tumulong sa iyo ay hindi nito ginagawa.



Ang pagsasamantala ay nangyayari kapag ang isang tao ay nanlilinlang sa iyo.




72% ng mga tao na lumahok sa survey ang nagsabi na mahirap humanap ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo na para sa mga may kapansanan.




60% ng mga tao na lumahok sa survey ang nagsabi na mahirap humanap ng impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga tao na may kapansanan.




Natuklasan din namin na halos 50% ng mga tao na may kapansanan ay hindi sumasali sa mga gawain ng komunidad.




Kasama sa mga gawain ng komunidad ay:

- pagsa-shopping
- panonood ng sine
- pagpunta sa mga okasyong pang-isport,
  gaya ng football.



Ang pinaka-karaniwang dahilan kung bakit hindi sumasali sa ganitong mga gawain ang mga taong may kapansanan ay dahil wala silang sapat na pera.

Ang mga tao na may kapansanan ay nagsabi na ang pinakamalalaking paghamon na kanilang hinaharap ay:



- ang paghahanap at pagpapanatili ng trabaho



- ang pagkakaroon ng sapat na salapi.




Sinabi rin sa amin ng mga tao na may kapansanan ang tungkol sa iba pang mga paghamon na pumipigil sa kanila na mamuhay ng nais nila.

Kabilang sa mga paghamon ang:




- hindi pagsuporta ng mga tao sa kanilang mga karapatan



- hindi makayanang gawin ang mga bagay-bagay para sa kanilang sarili



- pagkakaroon ng di-mabuting kalusugan at kagalingan



- hindi pagsasali ng mga tao na may kapansanan kapag gumawa ng mga pagbabago na nakaka-apekto sa kanila



- hindi pag-uunawa ng mga tao na ang iba't ibang grupo ng mga may kapansanan ay maaaring magkaroon ng iba't ibang mga paghamon.

## Mga grupo sa ating komunidad



Maraming mga grupo sa ating komunidad ang humaharap sa mga karagdagang hadlang at mga paghamon.

Kabilang sa iba't ibang mga grupong ito ay:



- mga tao na nakatira sa country (probinsya) at
  napakalayo sa mga bayan at siyudad



- Mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander



- mga bata at mga kabataan




- mga tao na mahigit sa 65-taong gulang



- mga kababaihan



- mga tao na lesbian, gay, bisexual, transgender, intersex at queer (LGBTIQ+)



- mga taong walang sapat na salapi



- mga tao na mula sa iba't ibang **mga kultura**.




Ang iyong kultura ay ang iyong lahi, ang wika na iyong ginagamit o ang paraan ng iyong pamumuhay ay dahil sa kung saan ka o ang iyong pamilya ay ipinanganak.

# Ang aming pananaw (vision) para sa bagong istratehiya




Ang aming **pananaw** ay nais namin na ang bagong istratehiya ay makatulong na pabutihin ang hinaharap.




Nagsabi ang mga tao sa amin kung ano ang kanilang pananaw para sa bagong istratehiya.

Nagsabi sila na ang nais nilang makita ay:




- ang Australya na nasa itaas ng mga listahan ng mga bansa na nagbibigay sa mga tao na may kapansanan ng mabuting suporta



- ang paggalang para sa lahat ng mga karapatang pantao




- mga bagong batas na susuporta sa mga karapatan ng mga tao na may kapansanan



- mas maraming trabaho para sa mga tao na may kapansanan



- mas maraming madaling maabot na pabahay para sa mga tao na may kapansanan



- mga komunidad na madaling maabot para sa lahat



- mas mabuting buhay para sa lahat ng tao na may kapansanan



- mga bagong **patakaran** na nilikha kasama ang mga tao na may kapansanan.




Ang patakaran ay isang plano ng pamahalaan para sa hinaharap.

## Ano ang susunod na mangyayari?



Pinakinggan namin ang lahat ng sinabi ng mga tao na mahalaga sa kanila.




Ngayon ay magsisimula kaming lumikha ng
bagong istratehiya.

Habang nililikha namin ang bagong istratehiya, kami ay:



- magbibigay sa mga tao ng pagkakataon na magsabi sa amin ng kanilang palagay tungkol sa mga bagay-bagay na nais naming isali sa istratehiya




- higit na pag-iisipan ang tungkol sa karapatan ng mga tao na may kapansanan na magtrabaho at kung paano ito isasali sa istratehiya



- magpapakita kung paano ang mga pamahalaan ay makakasuporta sa mga tao na may kapansanan na hindi lumahok sa National Disability Insurance Scheme (NDIS) [Pambansang Paraan ng Seguro para sa May-Kapansanan]



- magsusuri kung paano masusuportahan ng mga pamahalaan ang mga tao na may kapansanan upang gumamit ng bagong teknolohiya



- magpapakita sa mga pamahalaan kung paano nila magagawang mas madaling maabot ang mga komunidad



- titingin kung paano ang iba't ibang grupo ng mga tao na may kapansanan ay sinusuportahan at paano sila matutulungan ng mga pamahalaan




- mag-iisip kung paano ipapakita ng mga pamahalaan na ginagawa nila ang isinasaad sa istratehiya.

## Listahan ng mga salita



**Pang-aabuso**

Kapag ang isang tao ay tinatrato ka nang masama.



**Akademiko**

Isang tao na nagtuturo sa kolehiyo o unibersidad.



**Madaling maabot**

Kung ang isang bagay ay madaling maabot, lahat ay makakagamit nito.

Ito ay maaaring:

- isang lugar o isang gusali
- transportasyon
- isang serbisyo
- impormasyon
- isang website.



**Tagapagtaguyod**

Isang tao na sumusuporta sa iyo. Tinutulungan ka nila na magbigay ng iyong opinyon. Makapagbibigay din sila sa iyo ng impormasyon at payo.



**Kultura**

Ang iyong lahi, ang wika na iyong ginagamit o ang paraan ng iyong pamumuhay ay dahil sa kung saan ka o ang iyong pamilya ay ipinanganak.



**Diskriminasyon**

Kapag ikaw ay tinatrato nang di-makatarungan dahilan sa iyong kapansanan.



**Pagsasamantala**

Kapag ang isang tao ay nanloloko sa iyo.



**Mapagtanggap**

Kung ang isang bagay ay mapagtanggap, lahat ay makakasali.



**Pagpapabaya**

Kapag ang isang tao ay hindi tumutulong sa iyo
sa nararapat na paraan.




**Mga Patakaran**

Mga plano ng pamahalaan para sa hinaharap.



**Karahasan**

Kapag ang isang tao ay nananakit sa iyo nang pisikal.




**Pananaw (Vision)**

Ang aming pananaw ay nais namin na ang bagong istratehiya ay tumulong pabutihin ang hinaharap.

## Tawagan kami



**1800 334 505**




Maaari mo ring tawagan ang National Relay Service.

Mga gumagamit ng TTY sa numerong: **1800 555 677**

Telepono **13 36 77**



**disabilityreform@dss.gov.au**




**www.engage.dss.gov.au**



Ang Information Access Group ang lumikha nitong Easy Read na papel-kaalaman na gamit ang stock photography at mga custom image. Ang mga larawan ay hindi maaaring gamiting muli nang walang pahintulot. Para sa anumang mga tanong tungkol sa mga larawan, mangyaring bumisita sa **www.informationaccessgroup.com**.
Tukuyin ang job number 3319.